Tagalog

**KINDERGARTEN**

Public education
**Discover a world of opportunities**

# PAGBASA: PAG-AARAL SA TAHANAN

## ANG PAGBASA KASAMA NG INYONG ANAK AY MAHALAGA!

Ang pagbasa kasama ng inyong anak araw-araw ay magpapaunlad ng kahiligan sa mga aklat at sa pagbasa. Payuhan ang inyong anak na palaging tumingin sa mga aklat, at hayaan ang inyong pamilya at mga kaibigan na laging magbasa kasama ng inyong anak. Subukan ninyong magbasa kasama ng inyong anak para sa kasiyahan na magkasama kayong nagpaparaan ng panahon-magaling itong paraan na magtapos ng araw.

**Talagang mahalaga na lagi ninyong pupurihin ang inyong anak habang siya ay natututong magbasa.**

### Maging nasa kondisyon kayo para magbasa

Ang mga batang nasisiyahang magbasa sa bahay ay higit na malamang na magiging matagumpay habang natututo silang bumasa sa paaralan. Sikapin ninyong magsaayos ng panahon at lugar kung saan kayo at ang inyong anak makakapagpahinga at magiging maginhawa.

**Maraming mga mababasang bagay kabilang ang mga pambatang tula; mga aklat ng mga kuwento; mga aklat ng mga hindi kathang kuwento(non-fiction); mga aklat tungkol sa mga dinosauro at mga alagang hayop; mga aklat na magkasama ninyong ginagawa; mga nakakatawang aklat; mga website at CD; mga komiks; mga periyodiko; mga katalogo at magasin; mga aklat ng resipe; mga mapa ng karsada; at mga diksiyonaryo.**

**Mga pantastikong babasahing aklat para simulan ang pagbasa:**
***Hairy Maclary and friends* ni Lynley Dodd**
***Koala Lou* ni Mem Fox**
***Mr Gumpy's outing* ni John Burningham**
***We're going on a bear hunt* ni Michael Rosen**
***Annie's chair* ni Deborah Niland**

### Gamitin ninyo ang aklatan sa inyong lugar

Ang mga aklatan ay tagong-kayamanan para sa mga batang mambabasa. Ang mga ito ay may malawak na hanay ng mga aklat, CD, DVD, mga magasin at komiks. Ang pagbisita sa aklatan sa inyong lugar ay isang magaling na paraan ng:

- pagbahagi ninyo sa inyong anak kung gaano kahalaga ang mga aklat
- pagsama ng buong pamilya sa mga palagiang gawaing pagbasa
- paghanap ng mga paboritong may-akda at tagaguhit ng inyong anak
- paggamit ng mga tulong sa pagturo na maaaring wala sa bahay, gaya ng mga kompyuter
- pagsali sa mga pambakasyong gawain.

Department of Education

**Makakakita kayo nang higit pa mga pahina ng mga impormasyon ukol sa pag-aaral sa tahanan sa education.wa.edu.au.**

© Department of Education, Western Australia, 2015
CC BY